Ang pagsasamabuting-loob ay kagandahan ng kaasalan. Ang kasalanan ay anumang lumigalig sa dibdib mo at nasuklam ka na makabatid doon ang mga tao

Ayon kay An-Nawās bin Sam`ān (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang pagsasamabuting-loob ay kagandahan ng kaasalan. Ang kasalanan ay anumang lumigalig sa dibdib mo at nasuklam ka na makabatid doon ang mga tao."} Ayon kay Wābiṣah bin Ma`bad (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Pumunta ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi siya: "Dumating ka na nagtatanong tungkol sa pagsasamabuting-loob at kasalanan?" Nagsabi ako: "Opo." Nagsabi siya: "Magpapayo ka sa puso mo. Ang pagsasamabuting-loob ay anumang napanatag doon ang sarili at napanatag doon ang puso. Ang kasalanan ay anumang lumigalig sa sarili mo at nag-atubili sa dibdib, kahit pa nagpayo sa iyo ang mga tao at nagpayo sila sa iyo."}
[Tumpak] [Ang Unang Hadith: Nagsalaysay nito si Imām Muslim, at ang Ikalawang Hadith: Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Ad-Dārimīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pagsasamabuting-loob at kasalanan sapagkat nagsabi siya: Ang pinakadakila sa mga kakanyahan ng pagsasamabuting-loob ay ang kagandahan ng kaasalan kay Allāh sa pamamagitan ng pangingilag magkasala at sa nilikha sa pamamagitan ng pagbata ng perhuwisyo, kakauntian ng galit, pagkamasayahin ng mukha, kaayahan ng pagsasalita, pagpapanatili ng ugnayan, pagtalima, kabaitan, kabutihang-loob, at kagandahan ng pakikisalamuha at pakikisama, at na ang pagsasamabuting-loob ay anumang natahimik doon ang puso at ang kaluluwa. Hinggil naman sa kasalanan, ito ang anumang kumilos sa sarili na mga napaghihinalaan, nag-atubili nang walang pagluwag ang dibdib doon, at nangyari sa puso dahil doon ang pagdududa at ang pangamba sa pagiging ito ay isang pagkakasala at hindi ka nagnais na maglantad ka nito dahil sa pagiging ito ay pangit sa mga prominente at mga ideyal sa mga tao at mga lubos sa kanila. Iyon ay dahil ang kaluluwa, ayon sa kalikasan nito, ay nakaiibig sa pagkabatid ng mga tao sa kabutihan nito. Kaya kapag nasuklam ito sa pagkabatid sa ilan sa mga gawain nito, iyon ay kasalanang walang kabutihan doon. Kung nagpayo sa iyo ang mga tao, huwag kang tumanggap ng payo nila hanggat ang palatandaan ng paghihinala ay nag-aatubili sa sarili mo sapagkat tunay na ang payo ay hindi nag-aalis ng paghihinala hanggat ang paghihinala ay tumpak at ang tagapagpayo ay nagpapayo batay sa hindi kaalaman. Hinggil naman sa kapag ang payo ay batay sa isang patunay na pambatas, ang kinakailangan sa humihingi ng payo ay ang pagsangguni doon, kahit pa hindi lumuwag sa kanya ang dibdib niya.

